

KUNG IKAW AY ISANG BIKTIMA NG KRIMEN, IKAW AY MAY MGA KARAPATANG ITO:

- ✓ **Ang karapatang tratuhin nang may dignidad, paggalang at pagkamakatarungan sa buong proseso ng hustisyang pangkrimen.**
- ✓ **Ang karapatang makipagkita sa isang doktor kung nangangailangan ka ng agad na atensiyong medikal.**
- ✓ **Ang karapatan sa proteksiyon laban sa nakademanda sa pamamagitan ng hukom ng nagtatakda ng piyansa at/o mga kondisyon ng pagpapalaya.**
- ✓ **Ang karapatan sa proteksiyon mula sa panliligalig o mga banta dahil sa iyong paglahok sa kasong ito.** Kung may gumugulo o nagbabanta sa iyo, tawagan ang pulisya o ang Opisina ng Abogado ng Distrito. Maaaring makatulong sila sa mga paraang ito:
 1. Pagtawag sa tao, o sa abugado ng tao, upang sabihin sa tao na itigil ang panggugulo sa iyo;
 2. Pag-imbistiga at, kung kailangan, pag-aresto at pag-usig sa tao;
 3. Paghiling sa hukom na ibalik ang tao sa kulungan, kung ang tao ay pinalaya;
 4. Pagbigay ng impormasyon tungkol sa mga programang tirahan na maaaring makuha sa iyong lugar.
- ✓ **Ang karapatan sa nasa oras na paglutas ng kaso kasunod ng pag-aresto sa nakademanda.**
- ✓ **Ang karapatan na hindi tanggalin sa iyong trabaho dahil kailangan mong lumiban mula sa trabaho upang pumunta sa korte sa kahilingan ng umuusig na abugado.**
- ✓ **Ang karapatang kumuha ng impormasyon tungkol sa, at dumalo sa lahat ng mga pagdinig ng korte na may karapatan ang nakademanda na daluhan.**
- ✓ **Ang karapatan na huwag ilabas sa publiko ang iyong tirahan.**
- ✓ **Ang karapatang marinig sa mga pagdinig ukol sa piyansa, kung gumawa ka ng paghiling.**
- ✓ **Ang karapatang sabihan kung kailan pupunta ang nakademanda sa korte para sa paglilitis at para sa pagsentensiya; at sabihan kung ang mga petsang ito sa korte ay nagbago.**
- ✓ **Ang karapatang makipag-usap sa isang mula sa opisina ng DA (ito ang isang dahilan kung bakit ang paralegal ng biktimgang testigo ay ipinagkakaloob sa iyo).**

✓ **Ang karapatang sabihan, pagkatapos mapatunayang nagkasala ang nakademanda, tungkol sa ibang mga napatunayang krimen ng nakademanda.**

✓ **Ang karapatang pumili kung gustong makipag-usap sa depensa.** Ang taong inakusahan ng krimen ay karaniwang may abugadong tutulong sa kaso. Maaaring tawagan ka ng mga abugado o imbestigador. Ang mga abugado at imbestigador ay inatasan na sabihin sa iyo kung saang panig sila nagtatrabaho. Maaari kang humingi ng pagkakakilanlan at maaari mong itanong kung inirekord nila ang pag-uusap.

Kung makikipag-usap o hindi sa mga taong nakikipag-ugnayan sa iyo ay ikaw ang magpapasiya, ang opisina ng DA ay hindi magbibigay sa iyo ng payo tungkol sa desisyong iyon. Maaari mong ipasiya na gusto mong kausapin nila, o ayaw mong makipag-usap sa kanila. Kung gusto mong may kasamang isang taong mula sa opisina ng DA mangyaring sabihin sa paralegal ng biktimgang testigo na itinalaga sa iyong kaso, at aayusin nila ito.

Dapat mong malaman na tuwing nakikipag-usap ka sa isang abugado o imbestigador, sila ay pinahihintulutan na lihim na irekord ang pag-uusap.

✓ **Sa mga kasong felony, may karapatan kang sabihan ng tirahan at numero ng telepono ng opisina na maghahanda ng isang ulat bago ang sentensiya para sa hukom at sa karapatan na makapanayam ng taong sumulat ng ulat bago ang sentensiya.** Kung ang nakademanda ay napatunayang nagkasala ng isang felony, ang hukom ay maaaring mag-utos ng isang “ulat bago ang sentensiya.” Ang layunin ng ulat ay magbigay ng impormasyon sa hukom tungkol sa nakademanda, sa krimen, at kung paano nakaapekto sa iyo ang krimen. Para sa dahilang iyon, ang taong sumusulat ng ulat ay dapat makipag-ugnayan sa iyo upang kumuha ng isang “pahayag ng epekto sa biktima.”

Ang ulat bago ang sentensiya ay kompidensiyal. Tanging ang abugado ng distrito, ang hukom, ang abugado ng depensa at ang nakademanda ang pinahihintulutang bumasa ng buong ulat. Maaari mong basahin ang mga bahagi ng ulat bago ang pagsentensiya kung hihilingin mo sa paralegal ng biktimgang testigo na itinalaga sa iyong kaso sa Opisina ng DA. Ang mga bahaging ito ay: (a) ang buod ng pagkakasala, (b) ang bersiyon ng nakademanda sa pagkakasala, (c) ang buod ng iyong mga pahayag, at (d) ang inirekomendang sentensiya na ginawa ng sumulat ng ulat.

✓ **Ang karapatang marinig sa pagsentensiya, kung gumawa ka ng paghiling.** Maaaring pakinggan ka sa pagsentensiya sa pamamagitan ng:

1. Pagsulat ng liham sa hukom, at/o;
2. Pagharap nang personal upang magsalita sa pagsentensiya, at/o;
3. Paggamit ng pahayag ng epekto sa biktima sa ulat bago ang sentensiya kung ang ulat bago ang sentensiya ay ipinag-utos.

Maaari kang sumulat o magsalita tungkol sa anumang may-kaugnayang impormasyon na kabilang ang:

1. Paano nakasakit ang krimen sa iyo o sa iyong pamilya (sa damdamin, katawan at pananalapi) at naapektuhan ang iyong buhay.
2. Ano ang iniisip mo na dapat nangyari sa taong gumawa ng krimen (kulungan, pagpapayo, paglayo sa iyo at sa iyong pamilya, pagbabayad sa iyo para sa iyong mga gastos na mula sa sariling bulsa na hindi sakop ng seguro, atbp.).
3. Ibang impormasyon na gusto mong malaman ng hukom tungkol sa nakademanda o sa kasong ito.

Kung nais mong sumulat ng liham sa hukom, simulan ang iyong liham sa:

Tungkol sa: Estado laban kay
(Pangalan ng Nakademanda)
Kaso Blg. (Numero ng iyong kaso)

“Kagalang-galang na Hukom: (ganito ang pagtawag sa hukom) ...Ako ang biktima sa kasong ito,” at saka magpatuloy sa gusto mong sabihin sa hukom. Ipadala ang iyong liham sa paralegal ng biktimgang testigo na itinalaga sa iyong kaso. Ipadadala ng paralegal ng biktimgang testigo ang iyong liham sa hukom. Ang abugado ng nakademanda ay tatanggap din ng kopya ng iyong liham at malamang na pahintulutan ang nakademanda na basahin ang iyong liham.

Kung nais mong magsalita sa pagsentensiya, mangyaring sabihin sa paralegal ng biktimgang testigo na itinalaga sa iyong kaso sa opisina ng DA upang maitakda ang oras para magawa mo ito.

✓ **Ang Karapatan sa Lupon ng Kabayaran sa Mararahas na Krimen na impormasyon at paano mag-aplay.** Ang Lupon ng Karapatan sa Mararahas na Krimen (Violent Crimes Compensation Board, VCCB) ay isang programa upang bayaran ang mga inosenteng biktima ng marahas na krimen para sa mga gastos na may kaugnayan sa krimen na tulad ng mga singil na medikal, mga nawalang suweldo, at mga gastos sa pagpapayo. Sa kaso ng mga namatay na biktima, maaaring bayaran ng VCCB ang mga naiwan para sa mga gastos sa pagpapalibing at para sa pagkawala ng suporta sa isang nakadepende sa isang namatay na biktima. Ang VCCB ay hindi nagbabayad para sa ninakaw o napinsalang ari-arian, at hindi

magbabayad kung ikaw ay may ibang pinagkukunan ng pagbabayad sa mga gastos na ito (tulad ng segurong medikal para sa pangangalagang medikal o kabayaran sa manggagawa para sa mga nawalang suweldo). Upang mag-aplay para sa kabayaran kailangan mong kumpletuhin ang isang porma na makukuha mula sa opisina ng DA o sa pamamagitan ng pagtawag ng tuwiran sa Kabayaran sa Mararahas na Krimen sa:

Violent Crimes Compensation Board
1-907-465-3040 o 1-800-764-3040
www.doa.alaska.gov/vccb

✓ **Ang karapatan sa restitusyon kung ang nakademanda ay napatunayang nagkasala.** Ang restitusyon ay kapag ang hukom ay nag-utos sa nakademanda na magbayad para sa iyong mga gastos/nawala na sanhi ng krimen na hindi sakop ng ibang mga pinagkukunan (tulad ng seguro). Upang humiling ng restitusyon, dapat mong kumpletuhin ang isang "Porma ng Paghiling ng Restitusyon" at ibalik ito sa opisina ng DA sa loob ng dalawang linggo pagkatapos matanggap ang brochure na ito. Kung ang mga gastos ay patuloy (upang wala ka pang pangwakas na halaga), ibigay ang kasalukuyang kabuuan at ipaliwanag kung aling halaga ang ibibigay mo sa hinaharap na nagbibigay ng inaasahang petsa. Tiyakin na gumawa ng kasunod na pagtiyak. Kung ang porma ay hindi isinasama sa brochure na ito at gusto mong humiling ng restitusyon, tawagan ang paralegal ng biktimang testigo na itinalaga sa iyong kaso sa opisina ng DA para sa tulong.

Kung ang hukom ay nag-utos ng restitusyon para sa iyo: Ang isang espesyal na opisina na nangangasiwa sa pagkolekta ng restitusyon ay dapat makipag-ugnayan sa iyo kaagad. Ang opisina ng iyon ay ang Attorney General's Office, Collections Unit, 1031 West 4th Avenue, Suite 200, Anchorage, AK 99501. Kung may mga tanong ka, maaari kang makipag-ugnayan sa opisina sa pamamagitan ng pagtawag sa 907-269-5205 (para sa mga residente ng Anchorage) o ang walang-bayad ng numero ng 1-800-580-5205 (para sa mga hindi residente ng Anchorage).

✓ **Ang karapatan na sabihan, sa sulat, sa loob ng 30 araw mula sa pagtatapos ng kaso, tungkol sa nangyari, kung hiniling mo.**

✓ **Ang karapatang sabihan kapag ang nakademanda ay palalayain at/o kung ang nakademanda ay tumakas mula sa kulungan, kung hiniling mo.** Gawin ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng pagpaparehistro sa sistemang VINE (isang may-awtomasyong sistema ng paunawa) sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-247-9763 at pagsunod sa mga dikta. Gayon din, kung hiniling mo, ang isang huling retrato ng nakademanda ay ipadadala

sa iyo na may paunawa ng paglaya o pagtakas. Upang humiling ng bagong retrato, sumulat sa:

Department of Corrections

550 W. 7th Ave. Suite 601
Anchorage, AK 99501-3558

Telepono: Alaska Walang Bayad 1-877-741-0741

✓ **Ang karapatang sabihan kapag ang nakademanda ay palalayain mula sa isang institusyon ng sakit sa isip kung ang nakademanda ay napatunayang walang kasalanan dahil sa pagkabaliw, kung hiniling mo.** Upang humiling ng paunawa ng paglaya o pagtakas mula sa institusyon ng sakit sa isip, sumulat sa:

Alaska Psychiatric Institute

2800 Providence Dr.

Anchorage, AK 99508-4677

Telepono: 907-269-7100

✓ **Ang karapatang sabihan tungkol sa Opisina ng mga Karapatan ng mga Biktima ng Alaska.** Ang Estado ng Alaska ay nagtatag ng isang espesyal na opisina upang tumulong sa mga biktima ng krimen: Opisina sa mga Karapatan ng mga Biktima ng Alaska (Alaska Office of Victims' Rights) Ang layunin ng opisina ay tumulong sa mga biktima ng krimen na makakuha ng kanilang mga karapatang pambatas sa ilalim ng Artikulo 1, Seksyon 24 ng Saligang-batas ng Alaska at iba't ibang batas ng estado ng Alaska ukol sa kanilang mga kontak sa mga ahensiya ng hustisyang pangkrimen sa estadong ito. Ang isang biktima ng krimen ay may karapatang bigyan ng kaalaman tungkol sa Opisina ng mga Karapatan ng mga Biktima ng Alaska sa kanilang unang kontak sa tagapagpatupad ng batas at tagausig. Ang Opisina ng mga Karapatan ng mga Biktima ng Alaska ay may mga abugado at nakahandang maglingkod nang walang-bayad sa mga biktima. Para sa karagdagang impormasyon mangyaring makipag-ugnayan sa:

The Alaska Office of Victims' Rights

Pangunahing Telepono: (907) 754-3460

Walang Bayad sa Alaska: 1-844-754-3460

Fax: (907) 754-3469

www.ovr.akleg.gov

Kung kailangan mo ng isang interpreter ipagbigay-alam lamang sa opisina ng abugado ng distrito. Bibigyan ka ng isa nang wala kang babayaran.

Proyektong sinusuportahan ng pagpopondo mula sa Opisina ng Karahasan Laban sa mga Babae (Office of Violence Against Women), Kagawaran ng Hustisya ng U.S. (U.S. Dept. of Justice). Ang mga pananaw sa dokumentong ito ay mula sa mga awtor at hindi kumakatawan sa opisyal na posisyon o patakaran ng U.S. DOJ Binago: 5/17

ESTADO NG ALASKA

Kagawaran ng Batas Dibisyong Pangkrimen

PROGRAMANG TULONG SA BIKTIMANG TESTIGO

MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA NG KRIMEN



Araw-araw, ang mga tao sa Alaska ay nasasaktan dahil sa krimen. Ang mga krimen ay sumasakit sa ating katawan, damdamin, at pananalapi. Ang mga taong nasaktan ng krimen ay tinatawag na "mga biktima."

**Kung ikaw ay isang biktima ng krimen
IKAW AY MAY MGA KARAPATAN**